Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region
SCHOOLS DIVISION OFFICE
CITY OF MUNTINLUPA

DepEd - MUNTINLUPA
RELEASED
DATE 3/28/17

March 24, 2017

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg 045, s. 2017

Sa: Nanunungkulang Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Tagapamuno, CID, SGOD
Pandibisyon/Pandistritong Tagamasid/Koordineytor
Pampubliko at Pampribadong Punongguro/Nanunungkulan Punongguro
Kinauukulang Guro

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017

1. Kalakip nito ang DepEd Memorandum Blg. 58, s. 2017 na may petsang Marso 20, 2017 na may paksang: **Buwan ng Wikang Pambansa 2017,** para sa impormasyon at patnubay ng mga kinauukulan.

2. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

MAURO C. DE GULAN, Ed. D.
Pansangay na Tagapamanihala

Republic of the Philippines
Department of Education

DIVISION OF CITY SCHOOLS
RECEIVED 3/22/17
DATE
TIME 12:55
CITY OF MUNTINLUPA

20 MAR 2017

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 58, s. 2017

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2017** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wikang Mapagbago.*

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. Wikang Filipino, Susi sa Pagbabago;
   b. Pangangalaga sa Wikang Katutubo, Pagpapayaman sa Wikang Filipino;
   c. Wikang Filipino: Wika ng Maka-Filipinong Saliksik; at
   d. Pagsasalin, Mahalaga sa Bago at Mapagbagong Karunungan.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwan.g pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

   Komisyong sa Wikang Filipino
   Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
   San Miguel, Maynila
   Telepono: (02) 736-2525, (02) 736-2524, (02) 735-2519
   Email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com
   Website: www.kwf.gov.ph

6. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ATTY. ALBERTO T. MUYOT
Pangalawang Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 24, s. 2016

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

APA R-Buwan ng Wikang Pambansa 2017
0253/March 11, 2017